

FILIPINO

PAGTIYAK SA PROTEKSIYON -

MGA ALITUNTUNIN NG EUROPEAN UNION SA MGA TAGAPAGLIGTAS NG KARAPATANG PANTAO

I. LAYUNIN

1. Ang pagsuporta sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay matagal nang naitatag na bahagi ng patakarang panlabas ng European Union kaugnay ng karapatang pantao. Layunin nitong Mga Alituntunin (Guidelines) na magmungkahi ng mga praktikal na hakbang sa lalong pagpapabuti ng aksiyon ng EU kaugnay ng paksang ito. Magagamit itong Mga Alituntunin sa pakikipag-ugnayan sa mga ikatlong bansa sa lahat ng antas gayundin sa mga multilateral na talakayan sa karapatang pantao, para suportahan at patatagin ang mga umiiral na gawain ng Union sa pagpapalaganap at paghikayat ng respeto sa karapatang maipagtanggol ang mga karapatang pantao. Naglalaan din ang Mga Alituntunin ng mga interbensiyon ng Union para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao na pinagbabantaan ng panganib at nagmumungkahi ng mga praktikal na paraan ng pagsuporta at pag-alalay sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Isang mahalagang bahagi ng Mga Alituntunin ang suporta para sa Natatanging Pamamaraan ng Komisyon ng UN sa Mga Karapatang Pantao (Special Procedures of the UN Commission on Human Rights), kabilang ang Natatanging Kinatawan ng Mga Tagapagtanggol ng Mga Karapatang Pantao (UN Special Representative on Human Rights Defenders) at mga angkop na panrehiyong mekanismo para maprotektahan ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Makakatulong ang Mga Alituntunin sa Mga Misyong ng EU (Mga Embahada at Konsulado ng Mga Miyembrong Estado at Mga Delegasyon ng Europeong Komisyon) (EU Missions (Embassies and Consulates of EU Member States and European Commission Delegations)) sa kanilang pagdulog sa mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao. Habang pangunahing layunin ng mga ito na matugunan ang mga tiyak na usapin kaugnay ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, nag-aambag din ang Mga Alituntunin sa kalahatan sa pagpapatatag ng patakaran sa karapatang pantao ng EU.

II. DEPINISYON

2. Para sa layunin ng pagtitiyak kung ano ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao para sa Mga Alituntuning ito, pinagbatayan ang operatibong talata 1 ng "Deklarasyon ng UN sa Karapatan at Tungkulin ng Mga Indibidwal, Grupo at Sektor ng Lipunan upang Itaguyod at Ipagtanggol ang Unibersal na Kinikilalang Mga Karapatang Pantao at saligang Kalayaan" (UN Declaration on the Rights and Responsibility of Individuals, Groups and Organs of Society to Promote and Protect Unibersally Recognised Human Rights and Fundamental Freedoms) (tingnan ang Annex I), na naghahayag na "May karapatan ang lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, na itaguyod at magsikap para maprotektahan at maisakatuparan ang mga karapatang pantao at mga saligang karapatan sa antas na pambansa at pandaigdig."

3. Ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ay ang mga indibidwal, grupo, sektor ng lipunan na nagsusulong at nagpoprotekta sa mga unibersal na kinikilalang mga karapatang pantao at saligang kalayaan. Layunin ng mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao na maitaguyod at maprotektahan ang mga karapatang sibil at pampolitika gayundin ang pagsusulong, proteksiyon at pagsasakatuparan ng mga karapatang pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultura. Isinusulong at pinoprotektahan din ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ang mga miyembro ng mga grupong gaya ng komunidad ng mga katutubo. Hindi kasama sa depinisyon ng ito ang mga indibidwal o grupo na gumagawa o nagpapalaganap ng karahasan.

III. INTRODUKSIYON

4. Sinusuportahan ng EU ang mga prinsipyong nakasaad sa Deklarasyon ng UN sa Karapatan at Tungkulin ng Mga Indibidwal, Grupo at Sektor ng Lipunan upang Itaguyod at Ipagtanggol ang Unibersal na Kinikilalang Mga Karapatang Pantao at Saligang Kalayaan. Gayong nakasalalay sa mga estado ang pangunahing tungkulin ng pagsusulong at proteksiyon ng mga karapatang pantao, kinikilala ng EU na pawang may ginagampanang mahalagang papel ang mga indibidwal, grupo at mga sektor ng lipunan sa ikalalawig ng kawsa ng mga karapatang pantao. Kasama sa mga gawain ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ang:

- pagdodokumento ng mga paglabag;
- paghanap ng lunas para sa mga biktima ng mga paglabag sa pamamagitan ng paglalaan ng legal, sikolohikal, medikal o iba pang pagsuporta; at
- paglaban sa mga kultura ng impunity na sistematiko at paulit-ulit na pumuprotekta sa paglabag sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan;

5. Madalas na kasama sa gawain ng mga tagapagtanggol ng karapatan ang pagpuna sa mga patakaran at gawain ng pamahalaan. Ngunit hindi dapat na negatibo ang tingin dito. Batayan ang prinsipyo ng paglalaan ng lugar para sa malayang pag-iisip at talakayan kaugnay ng mga patakaran at gawain ng gobyerno, at isa na itong subok na paraan ng pagkakaroon ng mas mabuting antas ng proteksiyon para sa mga karapatang pantao. Makakatulong sa pamahalaan ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa pagsusulong at pagprotekta sa mga karapatang pantao. Bilang katuwang sa mga proseso ng konsultasyon, makakagawa sila ng pangunahing papel sa paggawa ng borador ng mga angkop na lehislasyon, at sa pagbuo ng mga plano at estratehiyang pambansa sa karapatang pantao. Dapat ring kilalanin at masuportahan ang papel na ito.

6. Kinikilala ng EU na ang mga gawain ng Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao sa loob ng maraming taon ay lalo pang pinahahalagahan. Lalo itong nagtitiyak ng higit na proteksiyon para sa mga biktima ng paglabag. Ngunit naisagawa ito nang may mabigat na kapalit: ang mismong mga tagapagtanggol ay dumadalas na nagiging puntirya ng pag-atake at nilalabag ang kanilang mga karapatan sa maraming bansa. Naniniwala ang EU na mahalagang matiyak ang kaligtasan at maprotektahan ang karapatan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Sa bagay na ito, mahalagang maisaalang-alang ang makasariang pananaw kapag pinag-uusapan ang tungkol sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao.

IV. MGA ALITUNTUNIN SA OPERASYON

7. Inilaan ang bahaging operasyon ng Mga Alituntunin upang matukoy ang mga paraan at hakbang upang mabisang maisagawa ang pagsusulong at proteksiyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa mga ikatlong bansa, sa konteksto ng Isang Patakaran ng Pakikipag-ugnayan at Seguridad.

Pagsubaybay, pag-uulat at pagtatasa

8. Hiniling na sa mga Puno ng Misyon ng EU (EU Heads of Mission) na gumawa ng regular na ulat sa sitwasyon ng karapatang pantao sa kanilang mga bansa ng akreditasyon. Inaprobahan kamakailan ng Council Working Party on Human Rights (COHOM) ang balangkas ng mga dokumento ng mga kaalaman (fact sheets) para maisagawa ang gawaing ito. Sunod sa mga dokumento ng kaalaman, dapat na tugunan ng Misyon ang usapin ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa pag-uulat, binibigyang-pansin lalo na ang pangyayari ng anumang banta o atake sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Sa mga kontekstong ito, dapat na alam ng HoMs na may malaking bisa ang balangkas ng institusyon sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao para matupad nila nang ligtas ang gawain. Ang mga usapin gaya ng lehislatibo, hudisyal, administratibo o iba pang angkop na hakbang, na ipinapatupad ng Mga Estado upang protektahan ang mga tao sa dahas, banta ng ganti, de facto o de jure masamang diskriminasyon, pamimilit o iba pa bang arbitraryong aksiyong bunga ng kaniyang lehitimong pagsasagawa ng alinman sa mga karapatang tinutukoy sa Deklarasyon ng UN sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao ay pawang makabuluhan sa bagay na ito. Kapag kailangan ito, dapat na magrekomenda ang HoMs sa COHOM para sa mga posibleng aksiyon ng EU, kabilang ang pagtuligsa sa mga banta at atake sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, gayundin ang mga inisyatibang politikal (demarche) at publikong pahayag kapag nasa kagyat o seryosong panganib ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Dapat ding sabihin sa mga ulat ng HoMs ang pagkamabisa ng mga aksiyon ng EU.

9. Ang ulat ng HoMs at iba pang kaugnay na impormasyon, gaya ng mga ulat at rekomendasyon ng Natatanging Kinatawan ng Pangkalahatang Kalihim para sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao, Mga Special Rapporteur ng UN at Mga Lupon sa Tratado gayundin ang mga non-government organization, ay magibibigay ng kakayahan sa COHOM at ibang kaugnay na kumikilos na partido, para matukoy ang mga sitwasyong kailangan ang aksiyon ng EU at magpasya sa dapat gawin, kapag angkop, magrekomenda ng gayong mga aksiyon sa PSC / Council.

Papel ng Misyon ng EU sa pagsuporta at proteksiyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao

10. Sa maraming ikatlong bansa, isang pangunahing ugnay ang Mga Misyon ng EU (Mga Embahada ng Mga Miyembrong Estado ng EU at Mga Delegasyon ng Komisyong EU) sa pagitan ng Union at ng Mga Miyembrong Estado nito at ng mga nasa larangang tagapagtanggol ng karapatang pantao. Kaya may mahalagang papel silang ginagampanan sa pagsasakatuparan ng patakaran ng EU para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Kung kaya dapat na gumanap ng proaktibong patakaran para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Dapat ring nalalaman nila na sa ilang mga kaso, ang aksiyon ng EU ay maaaring humantong sa mga banta o atake sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Kung kaya sa mga angkop na pagkakataon, dapat silang kumonsulta sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao kaugnay ng mga aksiyong binabalak na gawin. Mga hakbang na maaaring gawin ng Mga Misyon ng EU:

- mahigpit na pakikipag-ugnayan at pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, kabilang ang mga nasa panganib;
- pagpapanatili ng mga angkop na kontak sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, kabilang ang pagtanggap sa kanila sa Mga Misyon at pagdalaw sa mga lugar ng kanilang trabaho, makakapagbigay ng konsiderasyon sa pagtatalaga ng mga tiyak na liaison officers, kapag kailangan na batay sa bahagihan ng mga sagutin, para sa layuning ito;
- maglalaan kapag at kung saan kailangan ng mga hayag na pagkilala sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao gamit ang angkop na publikidad, pagbisita o imbitasyon;
- pagdalo at pagmamasid kapag angkop sa mga paglilitis ng mga tagapagtanggol ng mga karapatang pantao.

Pagsusulong ng paggalang sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao kaugnay ng mga ikatlong bansa at sa mga talakayang multilateral

11. Layunin ng EU na impluwensiyahan ang mga ikatlong bansa para gawin ang kanilang mga obligasyon na igalang ang karapatan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at protektahan sila sa mga atake at banta mula sa mga di-estadong ahente. Sa pakikipag-ugnayan nito sa mga ikatlong bansa, ipapahayag ng EU ang pangangailangan kung kailangang manatili at sumunod sa mga makabuluhang huwaran at pamantayang internasyonal, partikular sa Deklarasyon ng UN. Dapat na kalahatang layunin na bumuo ng kapaligirang malayang makikilusan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Ipapabatid ng EU na ang mga layunin nito ay bahagi ng patakaran sa karapatang pantao at ididiin ang pagpapahalaga nito sa proteksiyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Kabilang sa mga aksiyong sumusuporta sa mga layuning ito ang:

- kapag dumalaw sa isang bansa ang Pangulo, Mataas na Kinatawan ng CFSP o Natatanging Kinatawan o Sugo ng EU, o Komisyong EU, isasama nila ang pakikipagpulong sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, at bibigyang-pansin ang mga indibidwal na kaso, bilang pangunahin at bahagi ng kanilang pagbisita sa mga ikatlong bansa;
- ang bahagi para sa karapatang pantao sa mga diyalogong politikal ng EU at mga ikatlong bansa at organisasyon sa rehiyon ay palagiang nagsasama, kapag kailangan, ng tungkol sa kalagayan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Ididiin ng EU ang pagsuporta nito para sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at kanilang gawain, at itatampok ang mga indibidwal na kaso kapag kailangan;
- palagiang malapit na makipagtulungan sa mga bansa na may nakakatulad na pananaw lalo na sa Komisyon ng Karapatang Pantao ng UN at Pangkalahatang Asambleya ng UN;
- pagtataguyod ng pagpapalakas ng mga umiiral na mekanismo sa rehiyon para sa proteksiyon ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, tulad ng pagtatampok sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao ng African Commission on Human and People's Rights at ang natatanging Yunit ng Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao sa loob ng Inter-American Commission on Human Rights, at ang pagtatatag ng angkop na mga mekanismo sa rehiyong wala pang ganitong umiiral.

Suporta sa Mga Natatanging Paraan ng Komisyon sa Karapatang Pantao ng UN, kabilang ang Natatanging Kinatawan ng Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao

12. Kinikilala ng EU na ang Mga Natatanging Paraan ng Komisyon sa Karapatang Pantao ng UN (Natatanging Rapporteurs, Natatanging Kinatawan, Independiyenteng Eksperto at Grupong Nagtatrabaho) ay mahalaga sa mga internasyonal na pagsisikap na protektahan ang mga tagapagtanggol ng karapatang pantao dahil sa kanilang independensiya at walang kinikilingan; ang kanilang kakayahan na gumawa ng hakbang at manuligsa ng mga ginagawang karahasan sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa buong mundo at magsagawa ng pagbisita sa mga bansa. Gayong may partikular na papel ang Natatanging Kinatawan ng Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao sa bagay na ito, ang mandato ng Mga Natatanging Paraan ay makabuluhan din sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Ang mga hakbang ng EU na sumusuporta sa Mga Natatanging Paraan ay kinabibilangan ng:

- paghikayat sa mga estado na tanggapin bilang pagsunod sa prinsipyo ang mga hiling ng mga pagbisita sa bansa ng Mga Natatanging Paraan ng UN;
- pagsusulong sa pamamagitan mga Misyong EU, ng paggamit sa mga mekanismong may temang UN ng mga lokal na komunidad ng karapatang pantao at mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, kabilang ngunit hindi limitado sa pagpapadaloy ng pagbuo ng pakikipag-ugnayan, at palitan ng impormasyon sa pagitan ng mekanismong may tema at mga tagapagtanggol ng karapatang pantao;
- dahil hindi magagawa ng Mga Natatanging Paraan ang mandato nila kung walang sapat na mapagkukunan, susuportahan ng Mga Estadong Miyembro ng EU ang paglalaan ng sapat na pondo mula sa pangkalahatang badyet patungo sa Tanggapan ng Mataas na Komisyoner para sa Karapatang Pantao.

Mga praktikal na suporta para sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao kabilang ang Patakaran sa Pag-unlad

13. Mga programa ng European Community at Mga Miyembrong Estado na layuning tumulong sa pag-unlad ng mga proseso at institusyong demokratiko, at ang pagsusulong at proteksiyon ng karapatang pantao sa mga umuunlad na bansa ay kabilang sa malawak na suportang praktikal sa pagtulong sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao. Maibibilang ngunit hind kailangang limitado sa mga programa ng pagtutulungan para sa kaunlaran ng mga Miyembrong Estado. Maisasama ang mga kasunod sa mga suportang praktikal:

- dapat na higit pang matasa ng bilateral na mga programang karapatang pantao at demokratisasyon ng Komunidad na Europeo at Mga Miyembrong Estado ang pangangailangan na maalalayan ang pag-unlad ng mga demokratikong proseso at institusyon, at ang pagsusulong at proteksiyon ng karapatang pantao sa mga umuunlad na bansa, bukod pa sa ibang bagay, sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa pamamagitan ng mga gawain gaya ng mga kampanya para sa pagbuo ng mga kakayahan at pagiging higit na malay ng publiko;
- sa pamamagitan ng paghikayat at pagsuporta sa establisimyento, at mga gawain, ng mga pambansang ahensiya para sa pagsusulong at proteksiyon ng karapatang pantao, na itinatag sang-ayon sa Mga Prinsipyong Paris, kabilang ang Mga Institusyon ng Pambansang Mga Karapatang Pantao, Mga Tanggapan ng Ombudsman at Mga Komisyon sa Mga Karapatang Pantao;
- pagtulong sa pagtatatag ng mga samahan ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa antas na pandaigdig, kabilang ang sa pamamagitan ng pagpapadaloy ng mga pulong ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao;
- pagnanais na matiyak na makukuha ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa mga ikatlong bansa ang mga mapagkukunan o rekurso kabilang ang pinansiyal mula sa ibayong dagat;
- sa pamamagitan ng pagtiyak na isinusulong ng mga programa ng edukasyon sa mga karapatang pantao, bukod sa iba pang bagay, ang Deklarasyon ng UN sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao.

Papel ng Mga Nagtatrabahong Partido ng Konseho (Council of Working Parties)

14. Sang-ayon sa mandato nito, pananatilihin ng COHOM ang pagrepaso sa pagsasakatuparan at pagsubaybay sa Mga Alituntunin sa Mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao kasabay ng masinsinang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa ibang kailangang Mga Nagtatrabahong Partido ng Konseho. Kabilang dito ang:

- pagsusulong ng pagsasama-sama ng usapin ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao patungo sa mga makabuluhang patakaran at hakbang;
- pagrepaso ng pagsasakatuparan ng Mga Alituntunin sa mga angkop na yugto;
- pagpapatuloy na masuri, sa angkop na paraan, ang iba pang anyo ng pakikipagtulungan sa UN at iba pang mekanismong pandaigdig at panrehiyon bilang pagsuporta sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao;
- pag-uulat sa Konseho, sa pamamagitan ng PSC at COREPER, sa angkop na paraan nang taunan ng pagsulong na nagawa sa pagsasakatuparan ng Mga Alituntunin.

Deklarasyon sa Karapatan at Tungkulin ng Mga Indibidwal, Grupo at Sektor ng Lipunan para Isulong at Protektahan ang Kinikilala ng Lahat ng Mga Karapatang Pantao at Saligang Kalayaan

Ang Pangkalahatang Asambleya

Muling pagpapatibay sa halaga ng pagsunod sa mga layunin at prinsipyo ng Karta (Charter) ng the United Nations sa pagsusulong at proteksiyon ng lahat ng karapatang pantao at saligang kalayaan para sa lahat ng tao sa lahat ng bansa sa mundo.

Muling pagpapatibay din sa halaga ng Pandaigdigang Deklarasyon ng Mga Karapatang Pantao at Pandaigdigang Tipan ng Mga Karapatang Pantao bilang mga saligang elemento ng pandaigdigang pagsisikap na isulong ang pangkalahatang paggalang at pagsunod sa karapatang pantao at saligang kalayaan at halaga ng iba pang instrumento para sa karapatang pantao na ginagamit sa loob ng sistemang United Nations, gayundin doon sa antas na panrehiyon,

Pagdiriin na ang lahat ng miyembro ng pandaigdigang komunidad ay nararapat na tuparin, nang magkakasama o nang hiwalay, ang kanilang taimtim na tungkulin na maisulong at manghikayat ng paggalang para sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan sa lahat nang walang anumang pagtatangi, kabilang ang pagtatangi na batay sa lahi, kulay, wika, relihiyon, politikal o iba pang opinyon, nag-ugat sa pambansa o panlipunan, ari-arian, kapanganakan o iba pang kalagayan o istatus at muling pagpapatibay ang tanging halaga ng pagtupad sa pandaigdigang pagtutulungan upang isagawa itong tungkulin sang-ayon sa Karta.

Pagkilala sa mahalagang papel ng pandaigdigang pagtutulungan para sa, at sa mahalagang gawain ng mga indibidwal, grupo at samahan sa pag-aambag, mabisang pag-aalis ng lahat ng pagdahas sa karapatang pantao at saligang kalayaan ng mga tao at indibidwal, kabilang ang nauugnay sa lansakan, hayag o sistematikong karahasan gaya ng ibinubunga ng apartheid, lahat ng anyo ng diskriminasyon sa lahi, kolonyalismo, dominasyon o pananakop ng dayuhan, pandarahas o banta sa pambansang soberanya, pambansang pagkakaisa o kaisahan ng teritoryo, at sa pagtanggap kilalanin ang karapatan ng tao para sa sariling pagtatadhana at ang karapatan ng bawat pangkat ng tao na tamasahin ang ganap na soberanya kaugnay ng yaman at yamanglikas nito,

Pagkilala sa ugnayan ng pandaigdigang kapayapaan at seguridad at pagtatamasa ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan at inaalala na ang kawalan ng pandaigdigang kapayapaan at seguridad ay hindi dahilan sa hindi pagsunod;

Pag-uulit na lahat ng karapatang pantao at saligang kalayaan ay panlahat, hindi mapagbubukod (indivisible), kaugnay at kaisa at dapat na isinusulong at ipinapatupad nang patas at walang kinikilingan, walang prehuwisyong sa pagpapatupad sa bawat isa sa mga karapatan at kalayaang iyon,

Pagdiriin na ang pangunahing tungkulin at gawain na itaguyod at protektahan ang mga karapatang pantao at saligang kalayaan ay nasa poder ng Estado,

Pagkilala sa karapatan at tungkulin ng mga indibidwal, grupo at samahan upang itaguyod at igalang at isulong ang kaalaman tungkol sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan sa antas na pambansa at pandaigdig,

Artikulo 1

May karapatan ang lahat, nang indibidwal at kaugnay ng iba, na isulong at magsikap para sa proteksiyon at pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan sa antas na pambansa at pandaigdig.

Artikulo 2

1. May pangunahing tungkulin at gawain ang bawat estado na protektahan, itaguyod at ipatupad ang lahat ng karapatang pantao at saligang kalayaan, bukod sa iba pang bagay, sa pagsasagawa ng gayong mga hakbang na kailangan para sa paglikha ng lahat ng kailangang kondisyon sa panlipunan, ekonomiya, politikal at iba pang larang, gayundin ang mga garantiyang legal na kailangan upang ang lahat ng taong nasa ilalim nito, nang indibidwal at nang kasama ang iba, ay matatamasa sa praktika ang lahat ng karapatan at kalayaang iyon.
2. Gagamitin ng bawat Estado ang gayong lehislatibo, administratibo at iba pang hakbang ayon sa pangangailangan para matiyak ang garantiya sa mga tinutukoy na mga karapatan at kalayaan sa kasalukuyang Deklarasyon.

Artikulo 3

Ang mga lokal na batas na nakakatulad ng nasa Karta ng United Nations at iba pang tungkuling pandaigdig ng Estado sa larang ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan ay ang panghustisyang balangkas kung saan dapat isakatuparan at matamasa ang mga karapatang pantao at saligang kalayaan at sa kapaligirang ito dapat isagawa ang lahat ng gawaing tinutukoy sa kasalukuyang Deklarasyon para sa pagsusulong, proteksiyon at mabisang pagsasakatotohanan ng mga karapatan at kalayaang iyon.

Artikulo 4

Walang bahagi ang kasalukuyang Deklarasyon ang dapat maituring na nakakasira o nakakahidwa ng mga layunin at prinsipyo ng Karta ng United Nations o nakakalimita o nakakapagpababa sa mga probisyon ng Unibersal na Deklarasyon ng Mga Karapatang Pantao, sa Pandaigdig na Tipan sa Mga Karapatang Pantao at iba pang pandaigdigang instrumento at paglahok na angkop gamitin sa larang na ito.

Artikulo 5

Para sa layunin ng pagsusulong at pagprotekta ng mga karapatang pantao at kalayaan, may karapatan ang lahat, nang indibidwal at nang kaugnay ng iba, sa antas na pambansa at pandaigdig na:

- (a) Magkita-kita o magtipon-tipon sa mapayapang paraan;
- (b) Bumuo, sumali at lumahok sa mga non-government organization, samahan o grupo;
- (c) Makipagtalastasan sa mga non-governmental o intergovernmental na samahan.

Artikulo 6

May karapatan ang lahat, nang indibidwal at nang kaugnay ng iba na:

- (a) Alamin, hanapin, kunin, tanggapin at humawak ng impormasyon tungkol sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan, kabilang ang pagkakaroon ng access sa kaalaman paanong nabibigyang-bisa ang mga karapatan at kalayaang iyon sa lokal na sistemang lehislatibo, panghustisya o administratibo;
- (b) Gaya ng inilaan para sa mga karapatang pantao at iba pang angkop na mga instrumentong pandaigdig, malayang makapaglathala, ipaalam o ibahagi sa iba ang mga pananaw, impormasyon at kaalaman tungkol sa lahat ng karapatang pantao at saligang kalayaan;

(c) Aralin, talakayin, buuin at gumawa ng opinyon sa kung paano sundin, sa batas at sa praktika, ang lahat ng karapatang pantao at saligang kalayaaan at sa pamamagitan nito at mga angkop na paraan ay makuha ang pansin ng publiko sa mga usaping ito.

Artikulo 7

May karapatan ang lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, na bumuo at tumalakay ng bagong mga idea at prinsipyo tungkol sa karapatang pantao at isulong ang pagtanggap sa mga ito.

Artikulo 8

1. May karapatan ang lahat, nang indibidwal at kasama ang iba, na magkaroon ng mabisang access, sa kondisyong walang diskriminasyon, na lumahok sa pamahalaan ng kaniyang bansa at sa pagsasagawa ng mga gawang pampubliko.
2. Kasama dito, bukod sa ibang bagay, nang indibidwal at nang kasama ang iba, na magbigay sa mga karampatang institusyon at ahensiya at samahan ng pamahalaan na may kinalaman sa gawaing pampubliko, ng puna at mungkahi para mapabuti ang kanilang pagsasakatuparam ng gawain at ituon ang pansin sa alinmang aspekto ng kanilang trabaho na nakakasagabal o hadlang sa pagsusulong, proteksiyon at pagsasakatotohanan ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan.

Artikulo 9

1. Sa pagsasagawa ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan, kabilang ang pagsusulong at proteksiyon ng mga karapatang pantao sang-ayon sa kasalukuyang Deklarasyon, may karapatan ang lahat, nang indibidwal at kasama ang iba, na makinabang sa mabisang lunas at maprotektahan sa oras na malabag ang mga karapatang iyon.

2. Para sa layuning ito, may karapatan ang lahat ng nalabag diumano ang kanilang mga karapatan o kalayaan, nang personal o sa mga legal na pinahintulutang pagkatawan, na maghain ng karaingan at maagap na marepaso ang karaingan sa publikong pagdinig sa harap ng isang independiyente, walang kinikilingan at mahusay na panghustisya o may kapangyarihan na itinatag ng batas at maigawad ng gayong may kapangyarihan ang pasya, na alinsunod sa batas, nagbibigay ng makatarungang hakbang (redress), kabilang ang danyos, kapag may paglabag sa karapatan o kalayaan ng naturang tao, gayundin ang pagpapatupad ng gagawing hatol at gawad, nang walang di-marapat na pagkaantala.

3. Sa gayon ding layunin, may karapatan ang lahat, nang indibidwal at kasama ang iba, bukod sa iba pang bagay:

(a) Maghain ng karaingan tungkol sa mga patakaran at aksiyon ng mga indibidwal na opisyal at mga ahensiya ng pamahalaan kaugnay ng mga paglabag sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan, sa pamamagitan ng petisyon o iba pang angkop na pamamaraan, sa mga may kakayahang lokal na husgado, mga administratibo o lehislatibong may kapangyarihan o iba pang mahusay na may kapangyarihang inilaan ng sistemang legal ng Estado, na dapat gumawa ng kanilang pasya sa karaingan nang walang di-marapat na pagkaantala;

(b) Dumalo sa mga publikong pagdinig, mga pagsisiyasat (proceeding) at paglilitis upang makagawa ng opinyon sa kanilang pagsunod sa pambansang batas ng bansa at angkop na mga pandaigdigang tungkulin at panata;

(c) Mag-alok at maglaan ng propesyonal na kuwalipikadong pagtulong at iba pang makabuluhang payo at pag-alalay sa pagtatanggol ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan.

4. Para din sa layuning iyon, at sang-ayon sa mga angkop na pandaigdigang instrumento at pamamaraan, may karapatan ang lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, sa hindi nahahadlangang access at pakikipagtalastasan sa mga pandaigdigang ahensiyang may pangkalahatan o natatanging kakayahan na tumanggap o timbangin ang talastas tungkol sa mga usapin sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan.

5. Magsasagawa ang Estado nang maagap at walang kinikilingang pagsisiyasat o tiyaking mangyayari ang pagsisiyasat kapag may makatwirang dahilan para maniwalang may paglabag sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan sa alinmang teritoryo nitong nasasakupan.

Artikulo 10

Walang taong lalahok, sa pamamagitan ng paggawa o kabiguan ng paggawa kapag kailangan, sa paglabag sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan at walang taong mapapailalim sa alinmang parusa o hindi masamang aksiyon dahil sa pagtanggong gawin ito.

Artikulo 11

May karapatan ang lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, sa sang-ayon sa batas na pagsasagawa ng kanyang trabaho o propesyon. Ang sinuman, nang dahil sa kaniyang propesyon, na nakakaapekto sa dignidad ng tao, mga karapatang pantao at saligang kalayaan ng ibang tao ay dapat na igalang ang mga karapatan at kalayaang iyon at sumunod sa mga makalubuhang pamantayang pambansa at pandaigdig kaugnay ng pagsasagawa o etika sa trabaho at propesyon.

Artikulo 12

1. May karapatan ang lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, na lumahok sa mga mapayapang gawain laban sa paglabag sa mga karapatang pantao at saligang kalayaan.
2. Gagawin ng Estado ang lahat ng kailangang hakbang para matiyak na ang proteksiyon ay maigagawad ng mahuhusay na awtoridad para sa lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, laban sa alinmang karahasan, banta, ganti, de facto o de jure na mapanirang diskriminasyon, pamimilit o iba pang arbitraryong aksiyon bunga ng kanyang lehitimong pagsasagawa ng mga karapatan na tinukoy sa kasalukuyang Deklarasyon.
3. Kaugnay nito, karapatan ng lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, na maprotektahan nang husto sa ilalim ng pambansang batas kapag tinutuligsa o kinakabaka, sa mapayapang paraan, ang mga gawain at gawa, kabilang ang mga sa pamamagitan ng omisyon, na maikakawing sa mga Estado na humahantong sa paglabag sa mga karapatang pantao o saligang kalayaan, pati mga pandarahas na gawa ng mga grupo o indibidwal na sumisira sa pagtatamasa ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan.

Artikulo 13

May karapatan ang lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, na mangilak, tumanggap at gumamit ng mga rekurso para sa hayag na layunin ng pagsusulong at proteksiyon ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan sa pamamagitan ng mapayapang paraan, alinsunod sa Artikulo 3 ng kasalukuyang Deklarasyon.

Artikulo 14

1. Tungkulin ng Estado na ipatupad ang mga hakbang na lehislatibo, panghustisya, administratibo o iba pa upang isulong ang pagkaunawa ng lahat ng taong nasasakupan nito kaugnay ng kanilang karapatang sibil, politikal, pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkultura.
2. Kasama sa gayong mga hakbang, bukod pa sa ibang bagay:
 - (a) Ang paglalathala at laganap na makukuhang (availability) mga pambansang batas at tuntunin at mga angkop, saligan at pandaigdigang mga instrumento sa karapatang pantao;
 - (b) Lubos at patas na access sa mga dokumentong pandaigdig sa larang ng mga karapatang pantao, kabilang ang pana-panahong ulat ng Estado sa mga ahensiyang na itinatag ng mga tratado ng pandaigdigang karapatang pantao na kinalalahukan nito, gayundin ang mga tala ng buod ng talakayan at opisyal na ulat ng mga ahensiyang ito.
3. Titiyakin at susuportahan ng estado, kapag naaangkop, ang paglikha at pag-unlad ng higit na independiyenteng mga pambansang institusyon para sa pagsusulong at proteksiyon ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan sa lahat ng teritoryong nasasakupan nito, maging ang mga ito ay ombudsmen, mga komisyon sa karapatang pantao o alinmang iba pang anyo ng pambansang institusyon.

Artikulo 15

Tungkulin ng Estado na isulong at padaluyin ang pagtuturo ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan sa lahat ng antas ng edukasyon at tiyaking ang lahat ng may tungkulin sa pagsasanay ng mga abogado, mga opisyal na tagapagpatupad ng batas, ang mga tauhan ng sandatahang lakas at lingkod-bayan ay maglahok ng mga angkop na elemento ng pagtuturo ng mga karapatang pantao sa kanilang programa ng pagsasanay.

Artikulo 16

May mahalagang gagampanang papel ang mga indibidwal, non-governmental organization at kaugnay na institusyon sa pag-aambag para lalong maging malay ang publiko tungkol sa mga usaping may kinalaman sa lahat ng karapatang pantao at saligang kalayaan sa pamamagitan ng mga gawain gaya ng edukasyon, pagsasanay at saliksik sa mga larang na ito upang lalo pang mapalakas, bukod sa iba pang bagay, ang unawaan, pagtanggap, kapayapaan at palakaibigang ugnayan ng mga bansa at lahat ng grupong panlahi at relihiyon, malay sa iba't ibang kasaysayan ng mga lipunan at komunidad kung saan nila isinasagawa ang mga gawain.

Artikulo 17

Sa pagsasabuhay ng mga karapatang pantao at kalayaang tinutukoy sa kasalukuyang Deklarasyon, ang lahat, nang indibidwal at nang kasama ang iba, ay mapapailalim lamang sa gayong mga limitasyon alinsunod sa mga angkop na tungkuling pandaigdig at naitakda ng batas para lamang sa layunin na matamo ang karampatang pagkilala at paggalang para sa mga karapatan at kalayaan ng iba at matugunan ang mga makatarungang kahingian ng moralidad, kaayusang pampubliko at pangkalahatang kapakanan sa demokratikong lipunan.

Artikulo 18

1. May tungkulin ang lahat na nakalaan at tumutugon sa kalooban ng komunidad, na siyang tanging pook kung saan posible ang malaya at ganap na pag-unlad ng kanilang pagkatao.

2. May mahalagang papel at tungkulin ang mga indibidwal, grupo at mga non-governmental organization sa pagtiyak sa demokrasya, pagsusulong ng mga karapatang pantao at saligang kalayaan at pag-aambag sa pagtataguyod at pagsusulong ng mga demokratikong lipunan, institusyon at proseso.

3. May mahalagang papel at tungkulin din ang mga indibidwal, grupo at mga non-governmental organization at tungkulin sa pag-aambag, kapag angkop, sa pagsusulong ng karapatan ng lahat sa ordeng panlipunan at pandaigdig kung saan ang mga karapatan at kalayaang itinakda sa Unibersal na Deklarasyon ng Mga Karapatang Pantao at iba pang instrumento ng karapatang pantao ay lubos na maisasabuhay.

Artikulo 19

Walang anuman sa kasalukuyang Deklarasyon ang mabibigyang-kahulugan na nagsasabi sa indibidwal, grupo o sektor ng lipunan o alinmang Estado ng karapatan na gumawa ng alinmang gawain o gawin ang alinmang aksiyon na layuning labagin ang mga karapatan at kalayaang tinutukoy sa kasalukuyang Deklarasyon.

Artikulo 20

Walang anuman sa kasalukuyang Deklarasyon ang mabibigyang-kahulugan na nagpapahintulot sa mga Estado na suportahan at itaguyod ang mga gawain ng mga indibidwal, mga grupo ng indibidwal, institusyon o non-governmental organizations na hidwa sa mga probisyon ng Karta ng United Nations.

Annex II na Annex sa ANNEX

Mga kaugnay na instrumentong internasyonal

- Ang Unibersal na Deklarasyon ng Mga Karapatang Pantao (The Universal Declaration of Human Rights)
- Ang Internasyonal na Tipan sa Mga Karapatang Sibil at Politikal (The International Covenant on Civil and Political Rights)
- Ang Internasyonal na Tipan sa Mga Karapatang Pang-ekonomiya, Panlipunan at Pangkultura (The International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights)
- Ang Kumbensiyon Laban sa Tortyur at iba Pang Malupit, Di-makatao o Masamang Trato o Parusa (The Convention Against Torture and other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment)
- Ang Kumbensiyon sa Mga Karapatan ng Bata (The Convention on the Rights of the Child)
- Ang Kumbensiyon sa Pagtatanggal ng Diskriminasyon Laban Sa Kababaihan (The Convention on the Elimination of Discrimination Against Women)
- Ang Kumbensiyon sa Pag-aalis ng Lahat ng Anyo ng Diskriminasyon sa Lahi (The Convention on the Elimination on all Forms of Racial Discrimination)
- Ang Kumbensiyong Europeo sa Mga Karapatang Pantao, sa mga protokol nito at makabuluhang batas na pangkaso ng Korteng Europeo sa Mga Karapatang Pantao (The European Convention on Human Rights, its protocols and the relevant case law of the European Court of Human Rights)
- Europeong Kartang Panlipunan / Nirebisang Europeong Kartang Panlipunan (European Social Charter / Revised European Social Charter)
- Kartang Aprikano para sa Mga Karapatang Pantao at ng Tao (African Charter for Human and Peoples' Rights)
- Kumbensiyong Amerikano sa Mga Karapatang Pantao (American Convention on Human Rights)
- Kumbensiyong Geneva sa Proteksiyon ng Mga Biktima ng Digmaan at Mga Protokol nito gayundin ang mga nakatakdang tuntunin ng mga pangmakataong batas na angkop sa mga hidwaang may armas (Geneva Conventions on the Protection of Victims of War and its Protocols as well as customary rules of humanitarian law applicable in armed conflict)
- Ang Kumbensiyong 1951 patungkol sa Status ng Mga Refugee at ang Protokol na 1967 nito (The 1951 Convention regarding the Status of Refugees and its 1967 Protocol)

- Ang batas Roma ng Internasyonal na Korteng Pangkrimen (The Rome Statute of the International Criminal Court)
- Deklarasyon ng Karapatan at Tungkulin ng Mga Indibidwal, Grupo at Mga Sektor ng Lipunan para Itaguyod at Proteksiyonan at Unibersal na Kinikilalang Mga Karapatang Pantao at Saligang Kalayaan (Declaration on the Right and Responsibility of Individuals, Groups and Organs of Society to Promote and Protect Universally Recognized Human Rights and Fundamental Freedoms).
